COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-28 ng Hulyo, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

KINAKAILANGAN PA RIN NG MGA MANGGAGAWA SA ELEKSYON PARA SA IKA-14 NG SETYEMBRE NA RECALL NA ELEKSYON

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay kailangan pa rin ng mga pansamantalang manggagawa sa eleksyon para sa Gubernatoryal na Recall na Eleksyon sa Martes, Ika-14 ng Setyembre. Ang mga manggagawa sa eleksyon ay maaaring kumita ng $20 kada oras.

Mayroong isang partikular na pangangailangan para sa mga manggagawa sa eleksyon na pangasiwaan ang mga pagpapatakbo ng mga lokasyon ng mail ballot drop-off at mga site manager para sa in-person na mga lokasyon ng pagboto sa buong county.

Ang mga lokasyon ng mail ballot drop-off ay bukas sa halos isang buwan at ang in-person na lokasyon ng pagboto ay bukas ng apat na araw kaysa sa isang araw. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay maghahire ng mga manggagawa sa botohan kaysa gamitin ang mga boluntaryong manggagawa sa botohan dahil ang pagsasanay ay mas malawak para sa pinalawak na tagal ng panahon.

Ang Tagapagrehistro ay naghahanap ng mga taong team player, nagpapakita ng kasanayan sa matatag na pamumuno at flexibility, may pasensya, at pinakamataas na antas ng integridad sa lahat ng oras. Mga manggagawa sa eleksyon ay dapat irepresenta ang Tagapagrehistro ng mga Botante sa isang propesyonal, walang partidong pamamaraan.

Ang mga English speaker na bilingguwal sa Spanish, Filipino, Vietnamese o Chinese ay kinakailangan din. Kung kayo ay bihasa sa isa sa mga wikang ito, siguraduhing ilagay ito sa inyong aplikasyon.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagtatrabaho kasama ang Public Health Services upang siguraduhin ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa sa eleksyon at mga botante. Bibigyan ng inirekomendang personal protective equipment at mga sanitation supply ang mga manggagawa upang ligtas nilang mapangasiwaan ang proseso ng eleksyon.

Ang mga aplikasyon ay makukuha sa online. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o email ang pollworker@sdcounty.ca.gov.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 Pacific Highway, Room 208 · San Diego, Ca 92101-2472